JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 2

# Filipino

## Ikatlong Markahan- Modyul 6:

## Pag-uugnay sa Sariling Karanasan sa Nabasang Teksto

## Pag-uulat nang Pasalita Sa Mga Naobserbahang Pangyayari sa Paligid (bahay, komunidad, paaralan) at sa mga Napanood(telebisyon, cellphone, computer)



Pangalan: ______________________________

Baitang/Seksyon: ______________________________

Paaralan: ______________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Rosela C. Drilon
Dorothy C. Bongabong
**Editor:** Lindo O. Adasa Jr.
**Tagasuri:** Dhory Jane E. Cagas
Julieta H. Tibon
Roderick R. Luna
Jephone P. Yorong, Ed.D.
**Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:** Edgardo Jamilar Jr.
Hannah Marie C. Briones
**Tagalapat:** Peter Alavanza
**Tagapamahala:** Felix Romy A. Triambulo, CESO V
Oliver B. Talaoc, Ed. D.
Ella Grace M. Tagupa, Ed.D.
Jephone P. Yorong, Ed. D.
Lindo O. Adasa Jr.

# Alamin

Pagkatapos mong isagawa ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- naiuugnay sa sariling karanasan ang nabasang teksto **(F2PN-IIb-2)** at
- naiuulat nang pasalita ang mga naobserbahang pangyayari sa paligid (bahay, komunidad,paaralan) at sa mga napapanood (telebisyon, cellphone, computer) **(F2PS-If-3.1)**

# Balikan

**Panuto:**Sagutin ang mga sumusunod na tanong at bilugan ang titik ng tamang sagot.

1.) May handaan sa bahay nina Mang Jose. Kaarawan ng bunso nilang anak. May nagkakantahan at nagsasayawan. Ano kaya ang damdaming ipinapakita ng mga tauhan?

A. Masaya B.malungkot C.natatakot D.nagagalit

2.) Magkaibigang matalik sina Aida at Irene. Isang araw, dumating na umiiyak si Aida sa bahay nina Irene. Ibinalita nito na paalis na ang pamilya nila patungong Davao. Ano ang damdaming ipinakita sa kwento?

A. masaya B. malungkot C. natatakot D. nagagalit

# Tuklasin

Basahin ang kuwento at unawain itong mabuti.

**Ang Pamimili ni Aling Sonia**



Malapit na ang araw ng Pasko. Abala si ***Aling Sonia*** sa pag-aayos ng kanyang listahan ng mga bibilhin para sa mga anak. Kasama niya si Bing nang pumunta sa Divisoria. Bumili sya ng dalawang **t-shirt** at dalawang pantalon para sa mga anak na lalaki. Isang bestida naman para sa anak na babae at limang pares ng sapatos.

Pinagkakasya niyang mabuti ang kanyang dalang pera. **Pinipili niya ang mga gawa sa ating bansa** dahil naniniwala siya na **magaganda at matitibay** ang mga ito.

Masayang umuwi si Aling Sonia. Nabili niyang lahat ang nasa listahan.

**Panuto:**Sagutin ang mga tanong ayon sa kuwentong binasa. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Sino ang nagpunta sa Divisoria?

A. Aling Sonia B. Aling Selya C. Aling Cita D. Aling Cora

2. Ano ang pamantayan niya sa pagpili niya ng kaniyang bibilhin?

A. mga produktong gawa sa Japan
B. mga produktong gawa sa Pilipinas
C. mga produktong gawa sa USA
D. mga produktong gawa sa China

[1]3. Tama ba ang ginawa niyang pagbili ng mga produktong sariling atin? Bakit?

A. Oo, dahil maganda at matibay ang mga produktong galing sa ating bansa.
B. Oo, para maging sikat si Aling Sonia.
C. Hindi, dahil mas matibay ang gawa sa ibang bansa.
D. Hindi, dahil mas mura ang produkto mula sa China

Sa araling ito, malalaman mo ang pag - uugnay sa iyong sariling karanasan sa nabasang teksto at ang pag-uulat sa mga naobserbahang pangyayari sa paligid at sa mga napapanood.



## Suriin

Basahin at unawaing mabuti.

**A.** Isa sa mga mabisang paraan upang matuto ng mga bagong kaalaman ay sa pamamagitan ng pagbabasa. At ang mga babasahin, tulad ng aklat at mga pahayagan ay nagtataglay ng mga **teksto.**

Tinatawag na **teksto** ang mga pangunahing salita sa anumang babasahin na nagtataglay ng iba't ibang impormasyon. Maaari rin itong nagbibigay ng mensahe o damdamin ng sinuman sa paraang pasulat o nakalimbag.

https://takdangaralin.ph/teksto/

***Basahing maigi at unawain ang binasang teksto upang maiugnay mo ito sa iyong sariling karanasan.***

**B.** Ang iyong nakikitang mga pangyayari sa paligid at mga napapanood ay maari mong ibahagi sa iyong pamilya o sa ibang tao. Ang pagbabahaging ito ayon sa iyong obserbasyon ay makatutulong sa pagbibigay ng impormasyon at kaalaman. Katulad ng mga pag-uulat na mapapanood sa telebisyon o sa radyo.

---

[1]Ang Bagong Batang Pinoy, Filipino 2, p. 334



# Pagyamanin

**A. Panuto:** Basahin ang teksto at bilugan ang titik ng tamang sagot.

1.) Nakakita ng puno ng bayabas ang mga bata. Dali-daling nag-akyatan ang mga bata. Tuwang-tuwa silang nanguha at kumain ng mga bayabas. Maya-maya ay bigla silang natakot at nagtakbuhan palayo.Sa iyong palagay, tama ba ang ginawa ng mga bata?Bakit?

A. Oo, dahil sayang ang mga bunga kung hindi kakainin
B. Oo, dahil hindi naman alam ng may-ari
C. Hindi, dahil hindi sila nagpaalam sa may-ari
D. Hindi, dahil kinain nila ang mga bunga

**B. Panuto:**Basahin ang sitwasyon at unawaing mabuti. Iulat ang iyong sagot sa pamamagitan ng isang maikling video.

Inutusan ka ng iyong ina na bumili ng asin sa tindahan. Pag-uwi mo sa bahay, nakalimutan niyang kunin ang sukli ng iyong binili. Ano ang dapat mong gawin? Bakit?



# Gawain

**Gawain A**

**Panuto:**Basahin ang teksto at sagutin ang tanong tungkol dito. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1.) Tuwing araw ng Linggo ay nagsisimba ang pamilya ni Mang Rolly. Namamasyal sila sa mall at kumakain sa restawran. Ano ang masasabi mo sa pamilya nila?

A. Maghihirap sila dahil palagi silang kumakain sa labas.
B. Masaya sila dahil palagi silang magkakasama.
C. Maraming maiinggit sa kanila at aawayin sila.
D. Malulungkot sila dahil naubos ang kanilang pera sa pamimili ng mga gamit.



# Isaisip

Sa modyul na ito, natutuhan kong unawaing mabuti ang binabasa upang maiugnay ko ito sa aking sariling karanasan. Iuulat o ibabahagi ko sa kapwa ang mga impormasyong aking nalalaman upang malaman nila ang aking mga naobserbahang pangyayari sa paligid at mga napapanood. Nahahasa din nito ang aking kakayahan sa pagsasalita.





# Tayahin

**I. Panuto:**Basahin ang teksto. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa

patlang bago ang bilang.

___1.) Nakaligtaan ni Gabby isara ang gripo sa kusina. Nagulat ang kaniyang nanay nang makitang basa ang sahig. Sa iyong palagay, ano kaya ang gagawin ni Gabby?
A. Hihingi ng tawad si Gabby sa kanyang nanay at pupunasan niya ang basang sahig.
B. Aalis si Gabby sa kanilang bahay upang hindi mapagalitan ni nanay.
C. Hihingi ng tawad si Gabby sa kanyang tatay at magtatago sa kanyang silid.
D. Hindi papansinin ni Gabby ang kanyang nanay.

___2.) Bumaho sa kalsada dulot ng pagtatapon at pag-iimbak ng basura roon. Bilang isa sa mamamayan sa inyong lugar, ano ang dapat mong gawin?
A. Magtapon ng basura kung saan itinatapon ng iba pang kapitbahay ang kanilang basura.
B. Hahayaang bumaho ang lugar dahil lilinisin din ito ng mga namumuno sa barangay.
C. Hikayatin ang iyong mga kapitbahay na magtulungan sa paglinis sa lugar upang mawala ang baho sa kalsada
D. Ireport sa mga pulis ang nangyari sa inyong lugar.

___3.) Narinig ni Jen sa radyo ang mga paraan upang makaiwas sa Covid-19, ano kaya ang dapat niyang gawin?
A. Gawin at sundin ang nakaugaliang gawain.
B. Gawin at sundin ang napakinggan pamamaraan.
C. Gawin at sundin ang iniutos ni Nanay.
D. Hindi papansinin ang napakinggan sa radyo.

**I. Panuto:**Basahin ang teksto at iulat ang iyong sagot sa pamamagitan isang maikling video.

1.) Napanood ni Vincent sa telebisyon na marami na ang nahawaan ng sakit na Covid-19 sa buong bansa. Ano ang dapat niyang gawin para makaiwas sa sakit na ito?



# Karagdagang Gawain

**Panuto:**Basahin ang teskto. Sumulat ng isa o dalawang pangungusap tungkol sa iyong binasa. Isulat ang iyong sagot sa guhit na nasa ibaba nito.

Nagpunta sa groseri ang mag-inang sina Aling Lita at Letty. Punong-puno ng tao ang groseri dahil sa maraming namimili. Biglang nagulat ang mag-ina. May nakita silang tumatakbo habang ang matandang babae ay humihiyaw, "Ang pitaka ko!"

______________________________________________

______________________________________________



# *Susi sa Pagwawasto*

Tayahin

1. A
2. C
3. B

Pagyamanin

1.) C

Gawain A

1. B

Balikan

1. A
2. B

Tuklasin

1.) A
2.) B
3.) A

# *Sanggunian:*


Ang Bagong Batang Pinoy, Filipino 2, pp. 332-346

https://takdangaralin.ph/teksto/

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.